focus on facts

Kalusugan at Kaligtasan sa Pinagtra-trabahuhan
Ang mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Manitoba

Batas Pangkalusugan at Pangkaligtasan

Sa Manitoba, ang mga karapatang pangkalusugan at pangkaligtasan ay ginagarantiyahan ng Workplace Safety and Health Act at ng Canada Labour Code. Ang talaan ng impormasyon na ito ay nagbabalangkas ng mga karapatan ng mga manggagawa na pinoprotektahan ng Manitoba Workplace Safety and Health Act.

Karamihan sa mga manggagawa ay pinoprotektahan ng Workplace Safety and Health Act ng Lalawigan. Ang mga manggagawa na empleyado ng pederal na pampublikong serbisyo (federal public service), pederal na crown corporations, o mga industriyang kaugnay ng banko, transportasyon, komunikasyon at mga butil (grain) ay pinapangalagaan ng Canada Labour Code.

Ang mga karapatang pangkalusugan at pangkaligtasan na nakapaloob sa Canada Labour Code ay may pagkakamukha, subalit hindi magkahalintulad. Ang mga manggagawa na protektado ng Canada Labour Code ay dapat makipag-ugnayan sa Labour program ng Employment & Social Development Canada o sa kanilang unyon para sa mga impromasyong kaugnay sa kanilang mga karapatang pangkalusugan at pangkaligtasan.

Karapatang Pangkalusugan at Pangkaligtasan ng mga Manggagawa



Parehong pinapangalagaan ng mga batas pangkalusugan at pangkaligtasan ang mga manggagawang kasapi at di-kasapi ng unyon

Karapatang Pangkalusugan at Pangkaligtasan ng mga Manggagawa

Karapatang Malaman

Ang mga manggagawa ay may karapatang malaman ang mga panganib sa kanilang pinagtra-trabahuhan. Ipinag-uutos ng batas sa mga kumpanya na ipaalam at sanayin ang kanilang mga manggagawa tungkol sa lahat ng panganib sa kanilang trabaho at kung paano makapagtratrabaho sa paligid ng mga nasabing panganib.

Ang mga manggagawa ay protektado rin ng Workplace Hazardous Materials Information System (WHMIS). Ipinag-uutos ng WHMIS sa mga nagpapatrabaho na:

- lagyan ng tanda o etiketa and mga sisidlan ng mapanganib na materyales
- magbigay ng Material Safety Data Sheet (MSDS) na may impormasyon tungkol sa mapanganib na materyales
- magbigay sa mga manggagawa ng impormasyon tungkol sa mapanganib na materyales at kung paano magagamit ang mga ito ng ligtas

Ang Material Safety Data Sheet ay isinulat ng gumawa ng produkto. Kasama dito ang listahan ng mga mapanganib na sangkap, mga epekto sa kalusugan dulot ng labis na pagkakalantad dito, at ilang impormasyon kung paano mapapangalagaan ng mga manggagawa ang kanilang sarili. Ang MSDS ay kinakailangan na ibigay ng gumawa o nagbigay ng materyales at handang magamit ng mga manggagawa sa kanilang pinagtratrabahuhan.

Karapatang Makalahok

Ang mga manggagawa ay may karapatang makalahok sa usaping pangkalusugan at pangkaligtasan sa kanilang pinagtra-trabahuhan. Ang mga manggagawa ay maaaring ilapit ang kanilang saloobin o alalahanin sa magkasanib na komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan o sa kinatawang pangkalusugan o pangkaligtasan sa kanilang pinagtra-trabahuhan.

Mga Komite ng Pangkalusugan at Pangkaligtasan

Ang mga lugar ng pagawaan na may 20 o higit pang empleyado ay kailangan na magbuo ng magkasanib (nagpapagawa at manggagawa) na komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan. Kinakailangan na hindi kukulangin sa kalahati ng bumubuo ng komite ay manggagawa.

Partisipasyon sa Komite

Ang mga manggagawa ay may karapatan na magpasya kung sino ang kakatawan sa kanila sa komite. Ang mga nasabing kinatawan ay maaaring piliin ng kanilang mga kasamahan o kaya ay hirangin ng unyon Ang mga pangalan ng mga miyembre ng komite ay kailangan na nakapaskel sa hayag na lugar ng pinagtra-trabahuhan.

Mga Tungkulin ng Komite

Ang magkasanib na komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan ay kinakailangan na magpulong ng hindi kukulangin sa isang beses sa loob ng tatlong buwan. Ang mga komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan ay gumagawa ng inspeksiyon sa pinagtra-trabahuhan, nag-iimbestiga ng mga aksidente, at nagtatalakay ng mga usapin o alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan sa kanilang partikular na pinagtra-trabahuhan.

Ang mga miyembro ng komite ay kailangan na mabigyan ng libreng oras sa kanilang regular na gawain upang gampanan ang pangakalusugan at pangkaligtasan na gawain at kailangan na bayaran sa oras na ginugol nila para dito.

Mahalaga na ipaalam ng mga manggagawa sa kanilang kinatawan ang anumang usapang pangkalusugan at pangkaligtasan na nagaganap.

MFL Occupational Health Centre

Published by the MFL Occupational Health Centre •102-275 Broadway •Winnipeg, MB • R3C 4M6 • 204-949-0811

Pagsasanay ng Komite

Ang mga pinagtra-trabahuhan ay dapat tiyakin na ang mga miyembro ng komite ay makatanggap ng kaukulang pagsasanay sa kanilang tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan.

Ang mga pinagtra-trabahuhan ay dapat pahintulutan ang mga miyembro ng komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan na makakuha ng 16 oras na pagsasanay tungkol sa kalusugan at kaligtasan bawat taon at hindi sila mawawalan ng bayad o benepisyo sa paglahok dito.

Kinatawang Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Trabahuhan

Ang mga kumpanya na may 5 hanggang 19 manggagawa ay kinakailangan na magkaroon ng kinatawang pangkalusugan at pangkaligtasan na hinirang ng unyon o pinili ng mga manggagawa. Ang kinatawan ay hindi maaaring miyembro ng mga tagapamahala.

Ang pangalan ng nasabing kinatawan ay kailangang nakapaskel sa hayag na lugar ng trabahuhan.

Ang tungkulin ng kinatawang pangkalusugan at pangkaligtasan ay katulad din ng sa komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan.

Karapatang Tumanggi

Ang mga manggagawa ay may karapatang tumanggi na gawin ang trabaho kung sila ay may sapat na dahilan para maniwala na ang trabaho ay mapanganib para sa kanila o sa isang kasamahan o kanino man.

May apat na hakbang na dapat sundin kung tatanggi sa isang trabahong mapanganib. Ang manggagawa ay hindi maaaring tanggalin, suspendihin o parusahan dahil sa pagtangging gawin ang mapanganib na trabaho kung ang tamang proseso ang siyang sinunod.

Unang Hakbang: I-ulat o ipagbigay-alam ang alalahanin at pagtanggi sa trabaho sa tagapangasiwa.

Ikalawang Hakbang: Kung ang pinagtra-trabahuhan ay hindi agad kumlios upang itama ang mapanganib na kondisyon, ang empleyado at ang manggagawang kapwa tagapangulo ng komite ay dapat na dagliang imbestigahan ang sitwasyon ng manggagawang tumangging magtrabaho.

Ang manggagawa ay may karapatang patuloy na tumangging magtrabaho kahit na ang pinagtra-trabahuhan ay hindi naniniwala na may panganib o kung ang problema ay hindi naitama ayon sa kagustuhan ng manggagawa.

Ang pinagtra-trabahuhan ay may karapatang hingin sa manggagawa na gumawa ng ibang trabaho.

Ang pinagtra-trabahuhan ay hindi dapat utusan ang ibang manggagawa na gawin ang trabahong tinanggihan maliban na lamang kung may abiso na nakasaad sa sulat ang dahilan sa pagtanggi, karapatang tumanggi at kung bakit ang gawain ay hindi mapanganib.

Ikatlong Hakbang: Kung ang mapanganib na kondisyon ay hindi naitama pagkatapos ng inspeksyon, ang manggagawa, pinagtra-trabahuhan o ang manggagawang kapwa tagapangulo ng komite ay dapat tawagan ang isang opisyal ng pangkaligtasan at pangkalusugan sa Workplace Safety and Health Branch tungkol sa pagtangging magtrabaho at ang mga dahilan sa pagtanggi.

Ikaapat na Hakbang: Ang Safety and Health Officer ay mag-iimbestiga ng sitwasyon.

Ang Safety and Health Officer ay gagawa ng ulat na mag-uutos sa pinagtratrabahuhan na ayusin ang problema kung sa paniniwala ng opisyal na ang trabaho ay mapanganib.

Kung ang desisyon ng Safety and Health Officer na ang trabaho ay ligtas, ang manggagawa ay kinakailangan na bumalik sa naturang trabaho.

Karapatang Mapangalagaan

Ang mga manggagawa ay may karapatang mapangalagaan sa kanilang paggamit ng kanilang karapatang pangkalusugan at pangkaligtasan. Kasama dito ang pagtanggi sa mapanganib na gawain, pagbibigay-alam ng usaping pangkalusugan at pangkaligtasan, at pagkakaroon ng libreng oras sa kanilang gawain na may kaukulang bayad upang makalahok sa komite ng pangkalusugan at pangkaligtasan.

Kung sa paniniwala ng manggagawa na siya ay naparusahan dahil sa paggamit niya ng isa sa kaniyang mga karapatan, ang manggagawa ay maaaring maghain ng reklamo sa Workplace Safety and Health Branch. Isang Safety and Health Officer ang mag-iimbestiga sa reklamo. Kapag natiyak ng opisyal na ang manggagawa ay naparusahan sa paggamit ng isa sa kaniyang mga karapatan, ang pinagtra-trabahuhan ay maaaring utusan na:

- itigil ang aksyong mapag-diskrimina
- ibalik ang manggagawa sa kaniyang dating posisyon
- bayaran ang nawalang mga sahod at benepisyo
- tanggalin ang anumang wika o pagtukoy sa usapin mula sa employment record ng manggagawa
- magmulta ng $1,000-$3,000

Pag-apela

Ang manggagawa o pinagtra-trabahuhan ay mayroong 14 na araw upang iapela ang desisyon mula sa pagkakatanggap ng desisyon ng Safety and Health Officer.

Para sa karagdagang impormasyon

Workplace Safety and Health Branch
Call 204-957-SAFE (7233) or 1-855-957-SAFE

Regional Offices

Winnipeg
200-401 York Ave
Winnipeg, MB
R3C 0P8

Brandon
340 9th St.
Brandon, MB
R7A 6C2

Flin Flon
202-143 Main Street
Flin Flon, MB
R8A 1K2

Thompson
59 Elizabeth Drive
Thompson, MB
R8N 1X4

Employment & Social Development Canada – Labour Program
2nd Floor, 391 York Avenue
Winnipeg, MB R3C 0P8
Ph: 204-983-6375